IJMERI Journal

Volume 02 Issue 01 | February 2024

Article 5

E- ISSN: 2980-4760
P- ISSN: 2980-4752

DOI: https://doi.org/10.17613/r8an-0q77

# Nang Hinubog si Eva sa mga Piling Pelikula ng Viva Max: Isang Pagsusuring Feminismo

**Liza Jane V. Tabalan**
tabalanlizajane@gmail.com
Teacher II, Moreno Integrated School
Camarines Norte Philippines

**International Journal of Multidisciplinary Educational Research and Innovation** is an international peer-reviewed academic journal that highly values the importance of developing knowledge in multidisciplinary educational and innovative research. The journal's scope is broad, with the goals of disseminating information and providing a place for discussion, theoretical inquiry, practical applications, research discoveries, and experimentations in the field of education.

**Recommended Citation**
Tabalan, L. J. (2024). Nang Hinubog si Eva sa mga Piling Pelikula ng Viva Max: Isang Pagsusuring Feminismo. *International Journal of Multidisciplinary Educational Research and Innovation, 2*(1), 62-75. https://doi.org/10.17613/r8an-0q77.

Authors retain copyright. Articles published under a Creative Commons Attribution 4.0 (CC-BY) International License. This license allows this work to be copied, distributed, remixed, transformed, and built upon. An appropriate attribution is given, a link is provided to the license, and changes made are indicated.



Published by IJMERI, Saint Joseph College, Southern Leyte, Philippines
Website: http://www.ijmeri.com/
This is an open access article under the CC BY license

ORIGINAL ARTICLE

# NANG HINUBOG SI EVA SA MGA PILING PELIKULA NG VIVA MAX: ISANG PAGSUSURING FEMINISMO

**Liza Jane V. Tabalan**[1]

[1]*Moreno Integrated School, Camarines Norte Philippines*




**Received:** November 2023

**Revised:** December 2023

**Accepted:** January 2024

**Available:** February 2024

## ABSTRAK

Ang mga pelikula ng viva max ay namayagpag mula ng magkaroon ng lockdown sa Pilipinas. Sa yugtong ito, nagpalabas ang viva films ng mga pelikula sa pamamagitan ng aplikasyong viva max. Sa panonood ng mga pelikula rito, kailangan mag-subscribe ng manonood. Ang pinakamababng subscription nito ay 149.00. Sa plan na ito, isang buwan ng makakapanood ang subscriber ng lahat ng pelikula ng viva max. Nilalayon ng pananaliksik na ito na talakayin ang kalagayan ng kababaihang gumaganap sa mga piling pelikula ng viva max batay sa kanilang katangian at maging ang papel sa lipunan gamit ang lenteng feminismo. Gumamit ang mananaliksik ng thematic analysis. Sa paggamit ng metodong ito, masusing pinag-aralan at binigyang-kahulugan ang mga impormasyon at datos na susuriin. Naging sandigan din ng pananaliksik na ito ang teoryang feminismo kung saan sinuri ang katangian at papel na ginampanan ng bawat tauhang babae sa mga piling pelikula ng viva max upang mabigyang-linaw ang pagbabagong naganap sa kanilang katauhan. Maging ang dahilan nang patuloy na pagtangkilik ng mga manonood sa ganitong uri ng palabas sa kabila ng iba-ibang palabas na matatagpuan sa ilang aplikasyong katulad ng Netflix, Iflix at Disney. Hindi maikakaila na malaki pa rin ang hatak ng mga pelikula na mapapanood sa viva max. Makikita rin sa pananaliksik na ito ang iba-ibang katangian at kakayahan ng mga kababaihan na tiyak na hahangaan ng sinumang manonood. Mga katangiang hindi binibigyang pansin ng ilang manonood lalo na ng mga kalalakihan ngunit kung susuriin, ito ay nagpapakita ng mahahalagang aral na tiyak na kapupulutan ng aral. Mahalagang talakayin ang ganitong uri ng pananaliksik upang magbigay- linaw kung bakit patuloy itong tinatangkilik sa paglipas ng panahon sa kabila ng paglabas ng mga bagong panoorin.

***Susing-salita:*** *midya, pelikula, viva max, feminismo, Pilipinas*

## PANIMULA

Malaki ang ginagampanan ng midya sa buhay ng mga Pilipino. Dito tayo nakakakuha ng mga mahahalagang impormasyon na nakakatulong upang malaman ang mga pangyayari sa ating kapaligiran. Nagsisilbi itong sandigan ng mga taong nakararanas ng kalungkutan dahil ito ang nagiging kaulayaw nila sa kanilang pag-iisa. Sa kabila ng magandang dulot ng midya sa ating buhay, hindi maikakaila ang malaking ambag nito upang magising sa kamuwangan ang mga kabataan sapagkat ito ang nagsisilbing pangunahing instrumento upang mamulat ang isipan ng mga kabataan sa pagkakaroon ng malawak na kaalaman tungkol sa seks. Ang panonood ng mga pelikulang pinapalabas sa pamamagitan ng telebisyon o internet ay isang daan upang maakit ang tao na makipag-sex sa kahit na sino. Ang kuryosidad sa mga pelikulang napapanood ang nag-uudyok sa manonood na gawin ito sa kabila ng kabatirang may masama itong epekto sa buhay ng bawat isa. Ang seks ay walang pinipiling edad kung kaya't ang mga kabataan ang mas naaapektuhan nito. Ang isa sa masamang dulot nito sa mga kabataan ay ang pagbubuntis ng maaaga.

Ayon kay Vicky Cervales na isang kritiko (mula sa Pilipino Mirror 2023), nakakabahala ang pagdami ng babaeng nagbubuntis sa murang edad pa lamanag. Isinulat niya sa kaniyang artikulo ang

Authors retain copyright. Articles published under a Creative Commons Attribution 4.0 (CC-BY) International License. This license allows this work to be copied, distributed, remixed, transformed, and built upon for any purpose provided that appropriate attribution is given, a link is provided to the license, and changes made were indicated.

impormasyong nakalap ng Philippine Statistics Authority o PSA, na mula 2016 ay patuloy na dumarami ang mga kabataang babae na nasa 10 hanggang 14 ang nagbubuntis kahit pa sabihing bumaba ang overall birth rate sa mga kabataang ito sa kasalukuyan. Sa naturang datos, lumalabas na mula 11 porsyento o 1,903 teenage birth rates noong 2016, ay tumaas ito sa 2,113 registered births nitong 2020. Sa lumabas na ito na pag-aaral, pinatunayan lamang ang masamang dulot ng internet sa buhay ng bawat tao partikular na sa mga kabataan sapagkat kung hindi naging mulat ang kanilang isipan tungkol sa seks o di kaya'y hindi ito palagiang napapanood, hindi matututong makipagtalik ang mga kabataan. Batid man ng bawat isa ang hindi magandang dulot ng internet ngunit hindi maikakaila na lahat ay nahuhumaling dito lalo na pagdating sa panonood ng malalaswang palabas. Ayon kay Snyder (2018), ang pagkakaroon ng pornograpiya sa mundo ng tao ay dahilan ng mga nagkakagusto nito. Pinatunayan lamang ng pahayag na ito na hindi uunlad ang ganitong malalaswang panoorin kung hindi ito gusto ng manonood. Ang pagkahumaling sa mga panooring ito ang nagbibigay daan sa industriyang pampelikula upang mas lalo pang umunlad. Sa tuloy-tuloy na pag-unlad ng ganitong uri ng pelikula, mas umiigting ang pagnanais ng produksyon na bumuo ng mga pelikulang bumubuhay sa kamalayan at pantasya ng mga Pilipino.

**PAMAMAYAGPAG NG PELIKULA SA PILIPINAS**

Sa panahong tayo'y nasasakop ng mga dayuhan, ang mga pelikula ang nagsilbing libangan ng bawat mamamayang Pilipino. Sa kasalukuyan, may pinakamalawak itong impluwensiya sa publiko dahil naipapakita nito ang mga karanasang kahalintulad ng nararanasan ng bawat indibidwal. Nagsisilbi din itong repleksiyon ng bawat isa dahil kakikitaan ito ng mga pangyayaring base sa minimithi at pinaniniwalaan ng bawat tao.

Ang pelikula ay kilala din bilang sine at pinilakang tabing. Ito ay isang larangang binubuo ng mga larawang gumagalaw bilang isang anyong sining na bahagi ng industriyang libangan. Ang mga larawang ito ay nagpapakita ng mga pangyayaring nagaganap sa pelikula kaya nasisilayan na ng manonood ang mga pangyayaring ipinapakita rito. Sa ating bansa, naging makasaysayan ang pagpapalabas nito sa sine at pinilakang tabing. Iba-ibang temang nabuo upang malibang at masiyahan ang mga manonood. Makikita ang kasaysayan ng pelikula sa Pilipinas sa talahanayan na nasa ibaba.

**Talahanayan Blg. 1**

| | **Kasaysayan ng Pelikula sa Pilipinas** |
|---|---|
| **1919** | Naipalabas sa Pilipinas ang kauna-unahang pelikula na ginawa ni Jose Nepumoceno na kilala bilang "Ama ng Pelikulang Pilipino". |
| **1930's** | Natuklasan ang pelikula bilang panibagong mukha ng sining. |
| **1940's** | Digmaan ang nagdala sa pelikulang Pilipino ng kamalayan sa realidad na hindi nailahad sa unang pelikula |
| **1950's** | Mas nalinang ang panooring ipinapalabas |
| **1960's** | Naging tanyag ang mga pelikulang aksyon kung saan nagsimulang makilala ar *Regal Films* |
| **1970's hanggang unang bahagi ng 1980's** | Nagsimulang gamitin ang pelikula sa paglaban sa *Martial Law* |
| **Huling bahagi 1980's hanggang 1990's** | Naitatag ang *Star Cinema* at *GMA Films* |
| **2000's** | Muling pagsilang ng pelikula sa mga sinehan sa Pilipinas<br>Nagsimulang gumamit ng d*igital at experimental* sa sinehan |
| **2006** | Nagsimulang gumamit ng digital media |
| **2019** | Nagsimulang magpalabas ang viva films ng mga pelikulang may temang kalaswaan |

Authors retain copyright. Articles published under a Creative Commons Attribution 4.0 (CC-BY) International License. This license allows this work to be copied, distributed, remixed, transformed, and built upon for any purpose provided that appropriate attribution is given, a link is provided to the license, and changes made were indicated.

Mula 1919, marami na ang pelikulang ipinalabas sa bansa. Mga pelikulang tumatak sa isipan ng mamamayan at nagmulat sa katotohanan. Habang lumilipas ang panahon, mas umuunlad ang pelikulang Pilipino dahil sa paggamit ng teknolohiya. Makikita sa talahanayan na mula 1960's mas naging kapana-panabik sa mga manonood ang mga ipinapalabas sa tanghalan. Sa panahong ito nakilala ang iba't ibang action star katulad nina Fernando Poe Jr, Eddie Garcia at ipa pang kilalang actor sa panahong yaon. Nang taong 1970's hanggang 1980's, nagsimulang gamitin ang pelikula sa pagtuligsa sa Martial Law. Lumabas ang panooring tumatalakay tungkol sa mga isyung panlipunan at pulitika. Ang pinakasikat na pelikulang naipalabas sa panahong ito ay ang Himala (1982) na pinagbibidahan ng aktres na si Nora Aunor. Ang taong 2000's ang itinuturing na "Rebirth of Philippine Cinema". Mula sa panahong ito naging tanyag ang mga pelikulang may temang romantic comedy, buhay pamilya, lovestory, at horror. Taong 2019, muling nabuhay sa mundo ng pelikula ang mga pelikulang may temang malaswa. Naging kaagapay sa pamamayagpag nito ang teknolohiya. Sa panahon ng lockdown, hindi maaaring lumabas ang tao sa kanilang tahanan kung kaya't lumaganap ang maraming aplikasyong maaari nating panooran. Mas naging madali sa lahat ang makapanood ng mga pelikula sa panahon ng lockdown.


**ANG PAGHUBOG KAY EBA**

Sa pagdaan ng panahon, maraming naganap na pagbabago sa buhay ng mga mga kababaihan. Ang dating karaniwang ina, maybahay, guro, tagapag-alaga at iba pang gampanin na pawang umiikot sa loob lamang ng tahanan ngayon ay nabigyang karapatan at oportunidad sa ibang larangan katulad ng edukasyon, negosyo, politika at iba pa. Sila ang mga babaeng itinuturing na ilaw ng tahanan. Hindi makokompleto ang tahanan kung wala ang ilaw na tatanglaw sa bawat miyembro nito. Hindi matatawag na pamilya ang mga taong nasa loob ng isang tahanan kung wala ang mga kababaihan. Kaya magkaiba man ang katangian ng lalake at babae, pareho silang may mahalagang gampanin sa lipunan. Mula sa artikulo ni Haidee C. Pineda ng UP Information Office, tinalakay niya ang tungkol sa isinagawang panayam ng Sentro ng Wikang Filipino (SWF) at sa pakikipagtulungan sa Diliman Gender Office (DGO) sa University Center for Women and Gender Studies (UCWGS) noong Marso 4 sa Pulungang Recto, Bulwagang Rizal. Ang isinagawang panayam ay tungkol sa usapin na may paksang "Kamalayan sa Kasarian sa Pamamagitan ng Edukasyong Pangwika", sinabi ni Professor Portia Padilla na kilala ang lalaki sa katangiang 'may prinsipyo at mataas ang tingin sa sarili'; 'mapagtiis naman at maalaga' ang kilalang katangian ng babae (mula sa pag-aaral ni Velez-Lukey). Sa katangiang ito ng lalake at babae, mas angat ang katangian ng babae dahil makikita ang magandang katangian ng mga kababaihan katulad ng pagiging matiisin, maasikaso at mapagmahal. Ang katangiang ito ang labis na hinangaan ng lahat kaya hindi nakapagtatakang makilala ang mga babae hindi lamang bilang mabuting maybahay kundi isang lider na magtuturing na anak sa kaniyang mga nasasakupan. Sa katunayan marami na ring kabababaihan ang nakilala dahil sa kaniyang pagiging mabuting lider. Isa na rito si Corazon Aquino, kauna-unahang babaeng presidente ng bansang Pilipinas. Itinuturing siyang "Ina ng Demokrasya" dahil naibalik niya ang kalayaan ng bansa mula sa Martial Law. Kahanga-hanga ang nagawang ito ng pangulo dahil hindi lamang sarili ang kaniyang kayang ipaglaban bagkus ay ipinaglaban niya ang buong bayan. Sa artikulong inilathala ni Monde sa Philippine News, tinalakay niya ang papel na ginampanan ng mga kababaihan sa panahon ng rebolusyunaryo. Kabilang sa mga ito ay sina: (1) Agueda Kahabagan – Nakilala bilang isang matapang na Henerala Agueda; (2) Teresa Ferraris Magbanua – kaisa-isang babaeng namuno sa mga mandirigma ng Kabisayaan laban sa mga dayuhan at (3) Trinidad Perez Tecson – Tinaguriang "Ina Ng Biak-Na-Bato". Buong tapang siyang nakipaglaban para sa bansang Pilipinas. Tagapagtaguyod siya ng Asociacion De La Cruz Roja o Philippine Red Cross. Sa ginawang ito ng ilang kababaihan, pinatunayan lamang na kaya nilang makipagsabayan sa mga gawaing ginagawa ng mga kalalakihan. Makikita rin na habang lumilipas ang panahon, mas nakikilala ang kababaihan sa bawat larangan

Authors retain copyright. Articles published under a Creative Commons Attribution 4.0 (CC-BY) International License. This license allows this work to be copied, distributed, remixed, transformed, and built upon for any purpose provided that appropriate attribution is given, a link is provided to the license, and changes made were indicated.

## METODOLOHIYA

Ang pananaliksik na ito ay nakabase sa qualitative. Gumamit ang mananaliksik ng metodong thematic analysis upang masusing pag-aralan at bigyang-kahulugan ang mga impormasyon at datos na susuriin. Sa paggamit ng ganitong metodo, tanging ang mananaliksik lamang ang magsisilbing instrumento sa pananaliksik na ito. Sa pagsalig sa teoryang feminismo, masusuri ang katangian ng mga kababaihang gumanap sa mga piling pelilkula ng viva max gamit ang talahanayan na binuo ng mananaliksik upang ipakita ang kinalabasan ng ginawang pananaliksik. Ang teoryang feminismo ay tumatalakay sa karapatan ng kababaihan na na naipagsasawalang-bahala ng lipunan ngunit ipinaglalaban ng mga kritikong karaniwan ay babae. Nangangahulugang ang teoryang feminismo ang nagtataguyod sa patas na karapatan ng kababaihan sa anumang anggulo ng buhay, kabilang ang pakikisalamuha, pakikilahok sa usaping pampulitika, pandalubhasa, pansarili, pangkabuhayan, at sikolohikal. Karaniwang ginagamit ang teoryang ito sa mga akdang nagpapakita ng mga babaeng inaapi, pinagsasamantalahan, at minamata ng lipunan, higit ng kalalakihan.




***Pigura. 1***

Sa pigurang nasa itaas, makikita ang teoryang feminismo bilang batayan ng pagsusuring isasagawa sa mga kababaihang gumaganap sa mga piling pelikula ng viva max. Nilalayon ng pananaliksik na ito na talakayin ang kalagayan ng kababaihang gumaganap sa mga piling pelikula ng viva max batay sa kanilang katangian at maging ang papel sa lipunan gamit ang lenteng feminismo. Mahalagang talakayin ang ganitong uri ng mga pananaliksik upang magbigay- linaw kung bakit patuloy itong tinatangkilik sa paglipas ng panahon sa kabila ng paglabas ng mga bagong panoorin. Sa katunayan mas tinatangkilik ngayon sa industriya ng pelikula ang mga ganitong uri ng palabas dahil sa mga bagong mukha na makikita dito katulad nila Angeli Khang, Aj Raval, Micaella Raz at iba pa na talaga namang hahangaan ng sinumang makakapanood. Nilalayon nitong masuri ang katangian ng kababaihang gumaganap sa pelikulang ipinapalabas ng viva max. Dito ipapakita ang pagbabagong naganap sa mga kababaihan mula sa pagiging mahina hanggang sa maging matapang at malakas.

Authors retain copyright. Articles published under a Creative Commons Attribution 4.0 (CC-BY) International License. This license allows this work to be copied, distributed, remixed, transformed, and built upon for any purpose provided that appropriate attribution is given, a link is provided to the license, and changes made were indicated.

## RESULTA AT DISKUSYON

### ANG FEMINISMO BILANG SIPAT SA PAGSUSURI NG PELIKULA

Mula sa Britanicca, ang feminismo ay kilusang panlipunan na naghahangad ng pantay na karapatan para sa kababaihan. Ang malawakang pag-aalala para sa karapatan ng mga kababaihan ay nagmula sa Enlightenment; ang unang mahalagang pagpapahayag ng kilusan ay ang “A Vindication of the Rights of Woman” ni Mary Wollstonecraft (1792). Ang 1848 Seneca Falls Convention, na ipinatawag ni Elizabeth Cady Stanton, Lucretia Mott, at iba pa, ay nanawagan para sa ganap na legal na pagkakapantay-pantay sa mga lalaki, kabilang ang buong pagkakataon sa edukasyon at pantay na kabayaran; pagkatapos noon ay nagsimulang mag-ipon ng momentum ang kilusang pagboto ng babae. Nahaharap ito sa partikular na mahigpit na pagtutol sa United Kingdom at Estados Unidos, kung saan ang mga kababaihan ay nakakuha ng karapatang bumoto noong 1918 at 1920, ayon sa pagkakabanggit. Sa kalagitnaan ng siglo, lumitaw ang pangalawang alon ng feminismo upang tugunan ang limitadong kalikasan ng partisipasyon ng kababaihan sa lugar ng trabaho at ang umiiral na mga ideya na may posibilidad na makulong ang kababaihan sa tahanan. Ang ikatlong alon ng feminism ay lumitaw sa huling bahagi ng ika-20 siglo at naging kapansin-pansin para sa paghamon sa mga middle-class na puting feminista at para sa pagpapalawak ng mga layunin ng feminismo na sumaklaw sa patas na karapatan ng lahat ng tao anumang lahi, paniniwala, katayuan sa ekonomiya o edukasyon, pisikal na hitsura o kakayahan, o sekswal na kagustuhan.

Sa pakikipaglaban ng mga feminista, ang papel ng kababaihan ay nagbago at patuloy na nag- evolve sa mga nagdaang dekada at patuloy pa rin itong binabago at binibigyang interpretasyon saanmang panig ng mundo. Ang pagkamit sa karapatang tinatamasa ng mga kababaihan ay naging komplikado dahil hindi pa rin ito matanggap ng ilang kalalakihan. Kaya upang patuloy na protektahan ang kanilang karapatan, nagpatupad ng batas ang mga nasa kinauukulan. Ang ilan sa mga batas na ipinatupad ay ang mga sumusunod: (1) Republic Act No. 9262 – kilala bilang "Anti-Violence Against Women and Their Children Act of 2004". Nilalayong protektahan ang kababaihan at anak mula sa anumang uri ng pang-aabuso at karahasan sa loob at labas ng tahanan. Layunin din nito na magbigay ng proteksiyon, suporta, at mekanismo upang mapanagot ang mga may sala, (2) Republic Act No. 9710 – kilala bilang "The Magna Carta of Women". Layunin nitong itaguyod at protektahan ang karapatan ng kababaihan sa maraming aspeto tulad ng edukasyon, trabaho, kalusugan at iba pa. Naglalaman ito ng mga probisyon para labanan ang diskriminasyon at pang-aapi laban sa kababaihan, at (3) Republic Act No. 8353 – kilala bilang "The Anti-Rape Law of 1997". Layunin nitong panagutin ang sinumang may sala sa panggagahasa at paigtingin ang karapatan at proteksiyon sa mga biktima ng panggagahasa. Nililinaw nito ang kahulugan ng panggagahasa at nagtatakda ng mas mabigat na parusa sa mga lumalabag dito. (Source: Official Gazette)

Lalong pinaigting ng mga batas na ito ang karapatan ng kababaihan sa anumang aspeto ng buhay. Nagsilibing tagapagligtas ito ng mga kababaihang nakararanas pa rin ng karahasan mula sa ilang kalalakihan ngunit sa patuloy na pag-unlad at pagkilala sa mga kababaihan, mas lalo itong lumalakas at lumalaban sa mga hamon sa buhay. Kaya maging sa pelikula, makikita ang tapang at lakas ng mga kababaihan na hindi magpapa-api kaninuman.

### VIVA MAX BILANG BAGONG PLATAPORMA NG PELIKULANG PILIPINO

Ang Viva Films ay isang kompanya na nagpapalabas ng mga pelikula sa Pilipinas. Itinayo ito noong Nobyembre 11, 1981 sa ilalim ng Viva Communications Inc. Itinatag ito ni Vic del Rosario Jr. Ayon kay McNary, mula nang ilunsad ito noong 1981, ang Viva Communications ay naging multimedia distributor ng Hollywood at local-language content sa Pilipinas na may mga kaakibat na label kabilang ang Viva Films, Viva International Pictures, Viva Live, Viva Networks, Viva at Vicor Records, Viva Music Publishing at Viva Ahensya ng mga Artista. Kabilang sa mga lokal na pelikulang inilabas ng Viva ang “Kita Kita,” “Sid & Aya,” “Aurora,” “Miss Granny,” “Fantastika” at “Never Not Love You.

Authors retain copyright. Articles published under a Creative Commons Attribution 4.0 (CC-BY) International License. This license allows this work to be copied, distributed, remixed, transformed, and built upon for any purpose provided that appropriate attribution is given, a link is provided to the license, and changes made were indicated.

Taong 1981- 1988, nagsimulang ipalabas ng viva films ang mga pelikulang aksyon. Sa panahong ito, sumikat ang iba't ibang aksyon star na sina Rudy Fernandez, Robin Padilla, Fernando Poe Jr, Eddie Garcia at iba pa. Matapos ang panahong ito, lumabas ang mga bagong mukha sa showbiz taong 1989-2003. Ipinakilala ng viva ang pangalawang batch ng mga young stars sa pamamagitan ng youth-oriented comedy na Estudyante Blues. Ipinakilala nito sa publiko ang mga batang artista at ang matagal ng artista ng That's Entertainment gaya nina Vina Morales, Gelli de Belen, Keempee de Leon, Raymart Santiago at Dingdong Avanzado. Ang pelikula ay isang matunog na tagumpay, sa kabila ng katotohanan na ang Estudyante Blues ay naging isang mas maagang hit sa pamamagitan ng Philippine music airwaves bilang isang single na kinanta ni Freddie Aguilar. Sa kabila ng pamamayagpag ng mga pelikula ng viva sa industriya hindi maiwasang dumaan sila sa mga pagsubok. Taong 2004, unti- unti humina ang kita ng mga pelikula ng viva dahil sa lumalaking kompetisyon sa industriya ngunit di- kalaunan muling namamayagpag ang mga pelikula ng nito. Nakilala sa industriya ang bagong mukha ng pelikula katulad ng tambalang JADINE, KATHNIEL AT LIZQUEN.

Ipinahayag ni Requintina sa kaniyang artikulo sa Manila Bulletin, na opisyal na inilunsad ng Viva Entertainment ang bagong streaming app na Vivamax, isang one-stop entertainment hub kung saan maa-access ng mga tagahanga ng pelikulang Pilipino ang pinakamalaking aklatan ng mga pelikulang Pinoy, serye sa TV, dokumentaryo, espesyal sa musika at higit sa lahat, ang Vivamax Originals. Para sa unang alok nito, naglabas ang Vivamax ng mahigit 200 lokal at internasyonal na pamagat. Ang ilan sa mga pelikulang ito ay: "Maybe This Time" ng tambalang Sarah Geronimo and Coco Martin; "Sanggano, Sanggago't Sanggwapo" na pinagbibidahan nina Janno Gibbs, Dennis Padilla, and Andrew E.; at "Kita Kita", na nagtamo ang pinakamataas na kita na Filipino independent film. Tampok dito ang tambalan nina Alessandra de Rossi at Empoy Marquez.

Mayroon ding mga Korean blockbuster, Asian at Hollywood na nilalaman na kinabibilangan ng "John Wick 1 at 2" ni Keanu Reeves, "Train to Busan" kasama si Gong Yoo; at panghuli ang "IP Man 3" na pinagbibidahan ng actor at multi-awarded martial artist na si Donnie Yen.

Kasabay ng buong commercial release noong Enero 29, ipinalabas din ng Vivamax ang kauna-unahang nitong pelikula, "Paglaki Ko, Gusto Kong Maging Pornstar". Ito ang pinakahihintay na meta movie na pinagsasama-sama sina Alma Moreno, Ara Mina, Maui Taylor, at Rosanna Roces, sila ang pinakamahusay na bold star mula sa maraming henerasyon, sa kanilang pagsisikap na lumikha ng susunod na Philippine pornstar. Ang mga paparating na dilag, sina AJ Raval, Rose Van Ginkel at Ana Jalandoni ang kumpletuhin ang cast bilang nextgen pornstars.

Sa bagong platapormang ipinalabas ng Viva films, mas napadali sa tao ang makapanood ng mga pelikula dahil hindi na nila kailangan pang gumastos ng malaki. Kasabay ng paglawak nito, mas lumaki ang kita ng viva films dahil sa patuloy na pagtangkilik ng mga tao rito. Ang pagtangkilik na ito ang nagpasiklab sa produksyon upang bumuo ng mga pelikulang susubaybayan at aakit sa madla.

**PAGSIPAT SA MUKHA NG KABABAIHAN SA MUNDO NG PELIKULA**

Sa patuloy na paglipas ng panahon, iba-ibang mukha ng mga kababaihan ang ating nasilayan sa mundo ng pelikula. Mga mukhang nagpapakita ng mga karakter na sumasalamin sa buhay ng bawat isa. Mga mukhang tunay na hinangaan ng madla dahil sa angking alindog na hindi matatawaran. Mula sa panahon ni Maria Clara hanggang sa panahon ng makabagong Eba, hindi mapapantayan ang kanilang ganap sa industriyang pampelikula.

Ang mukha ng kababaihang ito ang nagpausbong sa pagnanasa ng bawat isa dahil sa mga palabas na nagpapakita ng magagandang pangangatawan at seks. Madalas itong gamitin sa industriya ng pelikula dahil nagbibigay ito ng malaking kita at malakas ang hatak sa mga manonood. Kaya kung papansining mabuti ang mga pelikulang ipinapalabas, mas nagiging bulgar ang mga tema nito sa paglipas ng panahon. Sa paglipas ng taon, ang karaniwang makikita ng manonood sa pelikulang ipinapalabas ay mga babaeng mahinhin, hindi nagsusuot ng malalaswang kasuotan at laging pinagtatanggol at pinagsisilbihan ng mga kalalakihan. Sa kasalukuyan naman, makikita ang mga babaeng palaban na

Authors retain copyright. Articles published under a Creative Commons Attribution 4.0 (CC-BY) International License. This license allows this work to be copied, distributed, remixed, transformed, and built upon for any purpose provided that appropriate attribution is given, a link is provided to the license, and changes made were indicated.

kayang ipagtanggol ang sarili. Gumagawa ng mga gawaing panlalaki, namumuno sa lipunan at hindi basta sunud-sunuran sa anumang nais ng mga kalalakihan.

**ISTORYA NG MAKABAGONG EBA SA MGA PILING PELIKULA NG VIVA MAX**

Sa panahon ng lockdown, umarangkada ang iba-ibang uri ng aplikasyon na pagpapalabas ng mga pelikula. Dahil sa aplikasyong ito, hindi kinakailangang lumabas pa sa kani-kanilang tahanan ang mga Pilipino upang mapanood ang mga pelikulang nais panoorin. Isa ang viva max sa mga aplikasyong ito kung saan kailangang mag-subcribe ng mga manonood upang tuloy-tuloy ang pagpanood nila sa mga pelikulang ipinapalabas dito. Ayon kay Jeline Malasig na isang kritiko (mula Philstar 2021) na:

Filipinos are increasingly turning to streaming services for their entertainment, especially in midst of the COVID-19 outbreak. The Philippines is ranked fourth among nations with the greatest proportion of citizens who have at least one streaming service subscription, according to an independent comparison website. 62% of Filipino adults have at least one streaming service, which is higher than the global average of 56%, according to a Finder.com poll done worldwide.

Ang pagsasara ng mga sinehan sa bansa ang nagbukas ng pinto upang lumaganap ang viva max sa bansa. Ang mga pelikulang mapapanood dito ay gawa ng viva films ngunit kung susuriing mabuti, hindi na katulad ng mga dating genre ng pelikula ang ipinapalabas dito dahil ang karamihang ipinapalabas dito ay may malalaswang tema. Mga temang kakikitaan ng seks at mga sexy na pangangatawan. Ito ang binibigyang pokus ng mga manonood. Hindi na nila halos naisasaalang-alang ang tunay na mensahe ng pelikula. Dahil kung susuriing mabuti ang mga pelikulang inilahad, makikita rito ang katangi-tanging kakayahan ng mga kababaihan. Mga katangiang nagpapakita ng kanilang tapang at nagpapatunay na hindi sila basta babae lamang.




Larawan mula sa:
https://www.imdb.com/title/tt23118976/mediaviewer/rm3491366657/?ref_=tt_ov_i.

Makikita sa larawan ang isang mukha ng babaeng wala muwang mundo. Mga matang nagpapakita ng kahinaan at tila may kinatatakutan. Ang karakter na ito ay ginagampanan ni Angeli Khang sa pelikulang Selina's na Gold bilang si Selina. Sa unang bahagi ng pelikula makikita ang takot sa kanyang mukha habang hila-hila siya ng kanyang ama upang ibenta at ipangbayad utang kay Tiago na ginagampanan ng actor na si Jay Manalo. Ang magandang mukha at makinis na kutis ni Selena ang nagpasidhi sa libog ni Tiago. Sapilitan nitong ipinilit ang sarili kay Selena na walang humpay sa pag-iyak. Ang walang laban na pangunahing tauhan ay nagpadala na lamang sa mga pangyayari sa kaniyang buhay. Sa halip na panghinaan ng loob, tinanggap niya ang kanyang kapalaran at nag-umpisang makipaglaro ng apoy kay Tiago. Hanggang sa dumating ang panahon na nakuha niya ang loob nito. Ibinigay nito ang lahat ng kanyang nais. Hanggang sa nagkamabutihan si Selena at ang anak-anakan ni Tiago na si Domeng na ginagampanan ng actor na si Gold Aceron. Dumating ang araw na kailangang nilang lumisan sa kanilang

Authors retain copyright. Articles published under a Creative Commons Attribution 4.0 (CC-BY) International License. This license allows this work to be copied, distributed, remixed, transformed, and built upon for any purpose provided that appropriate attribution is given, a link is provided to the license, and changes made were indicated.

lugar dahil sa banta ng pananakop. Habang wala si Tiago, kinuha niya ang ilang pera at mga alahas na itinago nito. Ibinigay niya ang iba kay Domeng upang gamitin nito sa pagbabagong buhay at nag-umpisa na silang maghiwalay ng landas.
Sa ipinakitang katangian ni Selina, makikita natin ang isang babaeng hindi basta-basta susuko sa anumang pagsubok sa buhay. Nasadlak man sa maling mundo, hindi pa rin siya nagpatinag bagkus ay ginamit niya ito upang bumangon at patunayan na kaya niyang makaalis sa mundong kinasadlakan.




Larawan mula sa:
https://play.google.com/store/movies/details/Bata_Pa_Si_Sabel?id=1mA__u6NjGU.P&hl=fil&gl=US

Makikita sa sentro ng larawan ang isang babaeng may angking kagandahan at may maalindog na pangangatawan. Napapaligiran siya ng mga lalaking may malaking pagnanasa sa kanya at isang babae na labis ang inggit sa kanya dahil sa taglay niyang ganda at alindog. Pinangungunahan ito ni Bryan (Benz Sanggalang) na naging kabiyak ni Sabel (Micaella Raz). Si Bryan ay isang lalaking may matipunong pangangatawan. Mabait at mapagmahal na asawa. Ang pag-iibigan ni Sabel at Bryan ang nagtulak sa kanila upang mag-isang dibdib. Makikita ang pagmamahal ng dalawa sa isa't isa ngunit lingid sa kanilang kaalaman, labis ang pagnanasa nadarama ng tatlong magkakabarkada kay Sabel. Ito ay sina Jethro (JC Tan), Marvin (Rash Flores) at Alex (Chad Solano). Si Jethro ay anak ng kilalang pamilya sa kanilang bayan at asawa ng pinsan ni Sabel. Sa araw ng kanilang honeymoon, isang kagimbal-gimbal na pangyayari ang naganap sa mag-asawang Sabel at Bryan. Habang dinadama nila ang init ng bawat isa, pumasok sa kanilang silid ang tatlong magkakabarkada. Hinalay ng mga ito si Sabel sa harap ng asawa. Nanlaban si Bryan at ito ang naging dahilan ng kaniyang pagkamatay. Sa galit ni Sabel, nanlaban siya at siya ay naitulak. Akala ng magkakabarkada ay patay na ang dalawa kaya itinapon nila ang mga ito sa dagat. Natagpuan ang bangkay ni Bryan ngunit hindi nakita ang kay Sabel. Napadpad siya sa isang isla kung saan siya inalagaan ng isang mangingisda at dating sundalo na si Mang Nestor (Julio Diaz). Labis niyang dinibdib ang pagkamatay ng asawa. Hiningi niya ang tulong ni Mang Nestor upang turuan siyang lumaban upang ipaghiganti ang pagkamatay ng nito. Nag-umpisa ang kanilang pagsasanay. Ang dating mahinhin at mabait na Sabel ay kakikitaan ng nagbabagang mga mata dahil sa labis na poot. Matapos maging handa sa isasagawang paghihiganti, nag-umpisa si Sabel na simulan ang plano. Makikita sa kaniyang kasuotan ang isang babaeng hahangaan ng sinumang lalake. Isang babaeng maalindog ngunit lason ang hatid sa mga kalalakihan. Isa- isa niyang pinuntahan ang humalay sa kanya at walang awang pinatay ang mga ito. Ang huli niyang pinaghigantihan ay si Jethro na siyang utak ng lahat ng nangyari sa kanya. Hindi naging madali ang pagpaslang dito kung kaya't maging siya ay muntikan na ring mapatay. Hindi siya pinanghinaan ng loob sa kabila ng labis na bugbog na inabot. Ang poot sa kanyang dibdib ang naging sanhi ng kanyang tagumpay. Tinulungan siya ni Mang Nestor na makaalis sa lugar upang hindi siya mahuli. Natupad ang lahat ng kaniyang plano.
Sa pelikulang ito, ipinakita ng karakter ni Sabel na hindi siya basta-basta magpapaapi sa mga lalake. Ipinakita niya na kaya niyang bumangon at huwag magpadala takot. Kaya niyang ipagtanggol ang kaniyang sarili sa sinuman. Ang katangiang ito, ay sumasalamin sa bagong Eba na hindi na lamang

Authors retain copyright. Articles published under a Creative Commons Attribution 4.0 (CC-BY) International License. This license allows this work to be copied, distributed, remixed, transformed, and built upon for any purpose provided that appropriate attribution is given, a link is provided to the license, and changes made were indicated.

basta sumusunod sa lalake. Isang babaeng hindi susuko sinuman ang kaniyang makabangga. Ipinapakita rin na hindi lang lalake ang malakas.




Larawan mula sa: https://www.imdb.com/title/tt28016501/

Makikita sa larawan ang isang babae at lalake na nakatayo sa loob ng bus. Sa bus na ito, nagsimula ang kuwento ni Ella (Angeli Khang) at Rico (Chester Grecia). Ang buhay pag-ibig nila ay dumaan sa masalimuot na kuwento.

Nag-umpisang magpapalit-palit ng lalake si Ella mula ng lokohin siya ng kasintahan na ilang taon niyang nakarelasyon. Hanggang sa makilala niya ang konduktor na si Rico. Humanga siya dito sa unang pagkikita pa lamang. Si Rico ay larawan ng isang lalakeng matipuno at maginoo. Ang angking ganda ni Ella ang umakit kay Rico sa kabila ng katotohang siya ay may anak at kinakasamang babae. Nagkamabutihan ang dalawa at nagmahalan. Ang pagsasama nilang ito ay nagpakita ng init na talaga namang babangon sa libog ng mga manonood. Ang mainit at masayang pagsasama na ito ang natapos nang malaman ni Rico ang pagdadalang- tao ng asawang si Bing (Stephanie Raz). Pinili niya ang kaniyang pamilya at nakipaghiwalay kay Ella kahit masakit sa kaniyang kalooban. Inalagaan niya ang asawa hanggang sa mahuli niya ito at ang ping si Nigel (Rash Flores) na nagtatalik sa loob ng kanilang pamamahay. Labis ang galit na kaniyang nararamdaman ngunit sa huli natanggap din niya ito at hindi na ipinilit ang kaniyang sarili. Sa kabilang banda naman, labis ang sakit na nararamdaman ni Ella dahil napamahal na sa kanya si Rico. Nilibang niya ang sarili sa mga bagay-bagay hanggang sa makalimot. Ipinapagpatuloy niya ang buhay sa kabila ng sakit na nararamdaman. Lumipas ang ilang buwan at muli silang nagkita ni Rico sa inatayan kung saan siya madalas naghihintay ng bus. Sa muling pagkikitang ito, nadugtungan ang kanilang pagmamahalan.

Si Ella ay isang babaeng palaban na hindi magpapaapekto kaninuman. Kaya niyang pantayan ang mga kayang gawin ng mga kalalakihan. Sa kabila ng mga kabiguan sa pag-ibig, hindi siya nalugmok bagkus ay ipinagpatuloy niya ang kaniyang buhay. Ipinapakita ng karakter ni Ella ang katangian ng kababaihang hindi maghahabol sa lalake. Kababaihang hindi malulugmok dahil lamang sa iisang lalake.

**PAGDALUMAT SA TATLONG EBA**

**Talahanayan Blg. 1**

| PELIKULA | TAUHAN | KATANGIAN |
|---|---|---|
| 1. **Selina's Gold** | Selena | Mabait na anak, tahimik, matiisin, maganda, madiskarte, kaakit- akit |
| 2. **Bata pa si Sabel** | Sabel | Mabait na anak, mahinhin, maganda, palaban, kaakit-akit |
| 3. **Tayuan** | Ella | Palaban, madiskarte sa buhay, mapagmahal, maganda, kaakit-akit |

Authors retain copyright. Articles published under a Creative Commons Attribution 4.0 (CC-BY) International License. This license allows this work to be copied, distributed, remixed, transformed, and built upon for any purpose provided that appropriate attribution is given, a link is provided to the license, and changes made were indicated.

Sa talahanayan blg.1, makikita ang katangian ng bawat tauhan sa mga piling pelikula ng viva max. Mga katangiang tiyak na hinangaan at tumatak sa isipan ng bawat manonood. Sa pag-aaral ni Santiago sa larawan ng mga babaeng ibinabandera sa mga komersya, hindi pa rin nababago ang pagtingin sa ginagampanan ng mga babae. Makikita pa rin sa kanila ang pagiging maybahay lamang na naglilingkod at nagpupuno sa pangangailangan ng kanilang asawa at mga anak. Mga babaeng nagsisilbing aliw sa mga lalake dahil sa kanilang nakakaakit na kagandahan. Makikita ang mga imaheng ito ng kababaihan sa mga pelikulang tinatangkilik ng mamamayan. Bagamat ang kanilang ginagampanan ay katangian ng isang bulgar na babae, hindi pa rin mawawala ang mga katangiang sumasalamin sa makalumang Eba. Kaya kung susuriing mabuti ang katangian ng tatlong Eba na nabanggit, makikita ang kakaiba nilang katangian. Mga katangiang nagpapakita ng mga kakayahang katulad ng mga kalalakihan.

**Talahanayan Blg. 2**

| PELIKULA | TAUHAN | PAGKAKAPAREHO NG MGA KATANGIAN |
|---|---|---|
| 1. **Selina's Gold** | Selena | Maganda, kaakit-akit, palaban, mapagmahal, madiskarte |
| 2. **Bata pa si Sabel** | Sabel | |
| 3. **Tayuan** | Ella | |

Makikita sa talahanayan blg. 2 ang magkakaparehong katangian ng tatlong Eba sa kuwento. Mga katangiang nagdala sa kanila sa kaligayahan at naging daan din ng masalimuot na pangyayari sa kanilang buhay. Iba- iba man ang kanilang ginamapanan, makikita pa rin ang pare-pareho nilang katangian.

**Talahanayan Blg.3**

| PELIKULA | TAUHAN | SULIRANIN | KALUTASAN |
|---|---|---|---|
| **1. Selina's Gold** | Selena | -Ibinenta ng ama sa isang mayamang tao<br>-Naging parausan ng isang lalake | Tinanggap ang kaniyang kapalaran hanggang sa makakuha ng pagkakataong makalaya |
| 1. **Bata pa si Sabel** | Sabel/ Isabel | -Ginahasa ng tatlong kalalakihan<br>-Namatayan ng asawa | Natutong lumaban at binigyan ng katarungan ang pagkamatay ng asawa |
| 2. **Tayuan** | Ella | -Pinagpalit ng kasintahan sa iba<br>-Nagmahal sa | Hindi ipinagsiksikan ang sarili at ipinagpatuloy ang buhay |

Authors retain copyright. Articles published under a Creative Commons Attribution 4.0 (CC-BY) International License. This license allows this work to be copied, distributed, remixed, transformed, and built upon for any purpose provided that appropriate attribution is given, a link is provided to the license, and changes were made indicated.

| | |
|---|---|
| | lalakeng may<br>pamilya |

Sa talahanayan blg. 3, makikita ang mga suliranin kanilang kinaharap ng bawat isa. Sa bawat suliraning ito, hindi sila nagpatinag. Lumaban sila at hindi pinanghinaan ng loob. Ginamit nila ang kanilang isip upang malampasan ang mga suliraning ito, hindi sila basta nagpa-api sa mga kalalakihang naging sanhi ng kanilang kabiguan. Sabi nga ni Lilia Quindoza- Santiago (mula sa Afable et.al, 2018) may sariling salaysay ang mga kababaihan, kumikilos ang mga kababaihan na hindi parang mga de-pindot na robot lamang. Sa pahayag na ito ni Santiago, makikitang hindi na maaaring diktahan ang mga mga kababaihan ng mga dapat at di dapat gawin dahil kumikilos na sila ayon sa dinidikta ng isip at ibinubulong ng kanilang mga puso.

## KONKLUSYON

Sa kabuoan, ang mga pelikula ng viva max ay karaniwang kakikitaan ng mga malalaswang palabas dahil ipinapakita dito ng tagong parte ng katawan ng kababaihan. Ipinapakita rin dito ang pag-seseks ng babae at lalake na nagpapakita ng detalyadong ginagawa nila. Ito ang mga eksenang labis na nagpapainit sa manonood. Binubuhay nito ang kanilang makamundong pagnanasa. Sa panonood ng mga pelikula rito, hindi isinasaalang-alang ng manonood ang kuwento sa likod ng mga babaeng gumaganap dito. Hindi nila napapansin ang mahalagang mensahe ng pelikula dahil libog ang umiiral sa kanilang katauhan sa tuwing manonood nito.

Kung susuriing mabuti ang mga nakapaloob dito, makikita ang katangi-tanging pagganap ng mga kababaihan. Makikita ang kanilang pagpupursige at tapang sa pagharap sa mga problemang kanilang nararanasan. Ang mga katangiang ipinapakita rito ay nagpapatunay na hindi dapat sila ituring na babae lamang ng lipunan. Hindi sila dapat husgahan dahil ang lahat ng kanilang ginagawa ay may dahilan.

## MGA SANGGUNIAN


Afable, A., Cocadiz, D., Lagrosas, M. A., Resari, M., Salvan, P. P., Sioco, J. M., & Villalba, C. (2018) Laban-Kababaihan.FIL psych thesis - laban kababaihan: Pagpapakahulugan sa Bayani Ayon Sa Matatandang, Studocu. Available at: https://www.studocu.com/ph/document/far-eastern-university/psychology/laban-kababaihanfil-psych-thesis/3317070.

Aňano, E.J. et.al. (2022) Sensura at Kuryosidad: Pagkahumaling ng mga Filipino sa ... - researchgate. Available at: https://www.researchgate.net/profile/Miles-Aquino/publication/365729226_Sensura_at_Kuryosidad_Pagkahumaling_ng_mga_Filipino_sa_Pornograpiya/links/638087dbc2cb154d2926c259/Sensura-at-Kuryosidad-Pagkahumaling-ng-mga-Filipino-sa-Pornograpiya.pdf?origin=publication_detail

Bata Pa Si Sabel - movies on Google Play (no date) Google. Available at: https://play.google.com/store/movies/details/Bata_Pa_Si_Sabel?id=1mA__u6NjGU.P&gl=US

Cervales, V. (2023) Dami ng Kabataang Nabubuntis Nakaaalarma, PILIPINO Mirror. Available at: https://pilipinomirror.com/dami-ng-kabataang-nabubuntis-nakaaalarma/

Gojar, K. (2014) Feminismo, prezi.com. Available at: https://prezi.com/e8fzt6q-kzjw/feminismo/



Authors retain copyright. Articles published under a Creative Commons Attribution 4.0 (CC-BY) International License. This license allows this work to be copied, distributed, remixed, transformed, and built upon for any purpose provided that appropriate attribution is given, a link is provided to the license, and changes made were indicated.

Jansen, D. (2023) What is thematic analysis? Explainer + examples, Grad Coach. Available at: https://gradcoach.com/what-is-thematic-analysis/

Kahulugan ng pelikula.docx - kahulugan ng Pelikula Ang pelikulang panlipunan ang pelikula na Kilala Din Bilang sine at Pinilakang Tabing Ay: Course hero (no date) KAHULUGAN NG PELIKULA.docx - KAHULUGAN NG PELIKULA Ang Pelikulang Panlipunan Ang pelikula na kilala din bilang sine at pinilakang tabing ay | Course Hero. Available at: https://www.coursehero.com/file/65240726/KAHULUGAN-NG-PELIKULAdocx/

Malasig, J. (2021) Philippines ranks 4th among countries with most number of people subscribed to streaming service, Interaksyon. Available at: https://interaksyon.philstar.com/hobbies-interests/2021/07/01/195036/philippines-ranks-4th-among-countries-with-most-number-of-people-subscribed-to-streaming-service/

McNary, D. (2019) Lionsgate's GlobalGate adds Philippines' Viva Communications, Variety. Available at: https://variety.com/2019/film/news/lionsgate-globalgate-philippines-viva-communications-1203162168/

Monde, J. (2022) Mga Kababaihan ng Rebolusyong Pilipino at Ang Kanilang Nagawa, PhilNews. Available at: https://philnews.ph/2022/11/28/mga-kababaihan-ng-rebolusyong-pilipino-at-ang-kanilang-nagawa/

Pelikulang Pilipino (2011) PPT. Available at: https://www.slideshare.net/sikolopil/pelikulang-pilipino 7297129

Pineda, H.C. (2016) Talasalitaan: Wika at kasarian, University of the Philippines Diliman. Available at: https://upd.edu.ph/talasalitaan-wika-at-kasarian/

Republic act no. 8353 | Official Gazette of the Republic of the Philippines. Available at: https://www.officialgazette.gov.ph/1997/09/30/republic-act-no-8353/

Republic act no. 9262 | Official Gazette of the Republic of the Philippines. Available at: https://www.officialgazette.gov.ph/2004/03/08/republic-act-no-9262-s-2004/

Republic act no. 9710 | Official Gazette of the Republic of the Philippines. Available at: https://www.officialgazette.gov.ph/2009/08/14/republic-act-no-9710/

Requintina, R. (2021) Viva Entertainment launches New streaming app, Manila Bulletin. Available at: https://mb.com.ph/2021/02/02/viva-entertainment-launches-new-streaming-app/

Santiago, L. Q. (no date) Ang Pinagmulan ng Kaisipang Feminista sa Pilipinas. Available at: https://journals.upd.edu.ph/index.php/rws/article/download/3111/2928/

Selina's gold (no date) IMDb. Available at: https://www.imdb.com/title/tt23118976/mediaviewer/rm3491366657/?ref_=tt_ov_i

Snyder, S., MD. (2018). Why does pornography exist? Psychology Today. Retrieved from https://www.psychologytoday.com/us/blog/sexualitytoday/201805/why-does-pornography-eixst

Tayuan (2023) IMDb. Available at: https://www.imdb.com/title/tt28016501/

Wiki, C. to R. (no date) Viva films, Russel Wiki. Available at: https://russel.fandom.com/wiki/Viva_Films

Authors retain copyright. Articles published under a Creative Commons Attribution 4.0 (CC-BY) International License. This license allows this work to be copied, distributed, remixed, transformed, and built upon for any purpose provided that appropriate attribution is given, a link is provided to the license, and changes made were indicated.

Women's Movement Summary (N.D.) Encyclopædia Britannica. Available at: https://www.britannica.com/summary/womens-movement

Authors retain copyright. Articles published under a Creative Commons Attribution 4.0 (CC-BY) International License. This license allows this work to be copied, distributed, remixed, transformed, and built upon for any purpose provided that appropriate attribution is given, a link is provided to the license, and changes made were indicated.